Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-23 NG DISYEMBRE, 2020 SA GANAP NA IKA-11:17 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 124 T. 2020**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PANGULO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, KGG. RODRIGO ROA DUTERTE SA PAMAMAGITAN NI MGGL. WENDEL E. AVISADO-KALIHIM KAGAWARAN NG PAGBABADYET AT PAMAMANIHALA (DEPARTMENT OF BUDGET AND MANAGEMENT) NG TULONG PINANSIYAL NA ISANG DAANG MILYONG (P100,000,000.00) PISO PARA SA "KONSTRUKSIYON NG RIVERBANK PROTECTION ALONG LUMBAN RIVER" SA BARANGAY BALUBAD NG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA.**

**Akda ni: Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**

**SAPAGKAT**, ang " Konstruksiyon ng Riverbank Protection along Lumban River" ay makakatulong upang maiwasan ang tuluyang pagkaubos ng lupa sa tabi ng ilog ng Barangay Balubad Lumban, Laguna;

**SAPAGKAT**, hindi lamang ang mga mamamayan ang makikinabang kung magkakaroon ng katuparan ang kahilingang ito higit dito ay ang mapangalagaan ang kapaligiran ng ilog ng bayan ng Lumban;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr na pinangalawahan ni Kgg. Orlando R. De Luna at sinang-ayunan ng lahat nang nagsidalo, ay;

**IPINASIYA,** tulad ng dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** na mapitagang hilingin sa Pangulo ng Republika ng Pilipinas, Kgg. Rodrigo Roa Duterte sa pamamagitan ni Mggl. Wendel E. Avisado-Kalihim Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamanihala **(**Department of Budget and Management**)** ng tulong pinansiyal na Isang Daang Milyong (P100,000,000.00) Piso para sa " Konstruksiyon ng Riverbank Protection Along Lumban River" sa Barangay Balubad ng Bayan ng Lumban, Laguna.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas Kgg. Rodrigo Roa Duterte at ang Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamanihala

na pinamumunuan ni Mggl. Wendel E. Avisado at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayon ika-23 ng Disyembre, 2020**.**

**PINATUTUNAYAN KO** ang kawastuan at katumpakan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**BELEN B. RAGA**
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon

Pinagtibay:

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan

*Xcerpt122320Res124*